



Ang iyong gabay sa pagboto sa Pangkalahatang Eleksyon ng 2026



vote.nz



Ano ang aasahan at paano bumoto sa 2026

Tiyaking naka-enroll ka at napapanahon ang iyong mga detalye.

Para makaboto sa Pangkalahatang Eleksyon ng 2026, kailangan ay naka-enroll ka na pagsapit ng **hatinggabi ng Linggo, ika-25 ng Oktubre**. Hindi ka na makakapag-enroll o makakapag-update ng iyong mga detalye kapag nagsimula na ang botohan sa Lunes, ika-26 ng Oktubre.

Dapat kang magpa-enroll kung ikaw ay 18 taong gulang o higit pa, mamamayan ng New Zealand o residente para sa layunin ng pagboto, at tuluy-tuloy kang naninirahan sa New Zealand sa loob ng 12 buwan o higit pa sa anumang panahon ng iyong buhay.

Ikaw ay residente para sa layunin ng pagboto kung ikaw ay legal na naninirahan sa New Zealand at hindi mo kailangang umalis sa loob ng isang itinakdang panahon.

Magpa-enroll, suriin o i-update ang iyong mga detalye online

Ang pagpapa-enroll ay hindi isang beses lang ginagawa. Kailangan mong panatilihin ang iyong pagpapa-enroll nang sa gayon nakahanda kang bumoto.

Madaling magpa-enroll, suriin o i-update ang iyong mga detalye online sa **vote.nz** gamit ang iyong lisensya sa pagmamaneho sa New Zealand, pasaporte ng New Zealand o na-verify na pagkakakilanlan ng RealMe.

Maaari ka ring:

- Tumawag sa **0800 36 76 56** upang humiling ng enrolment form, o
- I-text nang libre ang iyong pangalan at address sa **3676** upang mapadalhan ka sa koreo ng enrolment form.

Ang iyong EasyVote card

Kung magpapa-enroll ka hanggang Linggo, ika-4 ng Oktubre, padadalhan ka ng EasyVote card.

Kung ibinigay mo sa amin ang iyong email address, matatanggap mo ang iyong EasyVote card sa email.

Kung postal address mo lamang ang mayroon kami, matatanggap mo ito sa koreo.

Kung ikaw ay nasa hindi naka-publish na roll, padadalhan ka ng voting slip sa koreo.

Pinapabilis at pinapadali ng iyong EasyVote card ang pagboto. Maaari ka pa ring bumoto kahit wala ito, ngunit maaaring medyo matagal sa lugar ng botohan.

Kung magpapa-enroll ka pagkatapos ng Linggo, ika-4 ng Oktubre ngunit bago maghatinggabi - Linggo, ika-25 Oktubre, hindi ka makakakuha ng EasyVote card.

Kailan at saan boboto

Hindi mo kailangang hintayin ang araw ng eleksyon para bumoto.

Pagbubukas ng botohan: Lunes ika-26 ng Oktubre

Pagsasara ng botohan: 7pm sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-7 ng Nobyembre

Bukas ang mga lugar ng botohan mula Lunes, ika-26 ng Oktubre hanggang Sabado, ika-7 ng Nobyembre.

Makakahanap ka ng impormasyon tungkol sa mga lugar ng botohan, kabilang ang mga araw at oras na bukas ang mga ito, sa **vote.nz** o sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 36 76 56**.

Sa araw ng eleksyon, Sabado, ika-7 ng Nobyembre, bukas ang lahat ng lugar ng botohan mula 9am hanggang 7pm.



Nais ng higit pang impormasyon?

- Bisitahin ang **vote.nz**
- Tumawag sa **0800 36 76 56**

Available rin ang impormasyon tungkol sa pagpapa-enroll at pagboto sa ibang wika at alternatibong format sa **vote.nz**

Ibahagi ang impormasyong ito sa iyong whānau at mga kaibigan at tulungan silang maghanda sa pagboto.

Paano bomoto

1 Dalhin ang iyong EasyVote card


Dalhin ang iyong EasyVote card o voting slip dahil mas mapapabilis nito ang pagboto.

Kung natanggap mo ang iyong EasyVote card sa email, maaari mong dalhin ang iyong device at ipakita sa amin ang iyong card sa screen.

Kung nais mo, maaari mo itong i-download, i-print, o i-screenshot ang iyong card bago ka pumunta sa lugar ng botohan.

Nasa iyong EasyVote card ang iyong mga detalye, at ikaw lamang ang maaaring gumamit nito.

Maaari ka pa ring bumoto kung hindi mo dala ang iyong EasyVote card kapag pumunta ka para bumoto.



2 May taong tutulong sa iyo sa lugar ng botohan

Ipapakita sa iyo ng mga kawani sa eleksyon sa iyong lugar ng botohan kung ano ang gagawin at kung saan pupunta.

3 Bumoto sa pangkalahatang eleksyon

Sa isang pangkalahatang eleksyon, mayroon kang dalawang boto – isang boto sa partido at isang boto sa electorate.

Ang iyong boto sa partido



Ang iyong boto sa partido ay para sa partidong pampulitika na gusto mong suportahan.

Ang boto na ito ang higit na nagpapasya sa kabuuang bilang ng mga puwesto na makukuha ng bawat partidong pampulitika sa Parlyamento. Ang mga partido na may mas malaking bahagi ng boto ng partido ay makakakuha ng mas maraming puwesto sa Parlyamento.

Maaari kang pumili mula sa parehong listahan ng mga partidong pampulitika ikaw man ay nasa pangkalahatang listahan o Māori na listahan.

Sa iyong papel sa pagboto, lagyan ng tsek ang pangalan ng partidong pampulitika na iyong pinili.

Ang iyong boto sa electorate



Ang iyong boto para sa electorate ay para piliin ang kandidatong nais mong maging miyembro ng Parliament (MP) para sa lugar na iyong tinitirhan.

Kung nakatala ka sa Māori roll, boboto ka para sa kandidatong tumatakbo sa isang Māori electorate.

Kung ikaw ay nasa pangkalahatang listahan, iboboto mo ang kandidatong nasa pangkalahatang electorate.

Sa iyong papel sa pagboto, lagyan ng tsek ang pangalan ng kandidatong pinakanais mong kumatawan sa iyong lokal na lugar. Ang kandidatong may pinakamaraming boto ang inyong magiging electorate MP.

candidate with the most votes will become your electorate MP.



Ang proporsiyong ito ng mga boto para sa partido



Ang parehong proporsyon ng mga puwesto sa Parlyamento

4 Ilagay ang iyong papel sa pagboto sa nakalaang ballot box

At iyon na — nakaboto ka na!



Hindi makapunta sa lugar ng botohan?



Kung hindi ka makapunta sa lugar ng botohan, halimbawa, dahil sa sakit, edad o kapansanan, maaari kang makakuha ng suporta para makaboto.

Kung ikaw ay nasa isang care home, makikipag-ugnayan ang iyong lokal na Electorate Manager sa care home upang ayusin ang mga serbisyo sa pagboto.

Kung hindi ka makapunta sa lugar ng botohan dahil nasa ospital ka, maaaring dalhin sa iyo ng isang kaibigan o miyembro ng iyong whānau ang iyong mga papel sa pagboto mula Lunes, ika-26 ng Oktubre.

Alamin ang higit pa sa [vote.nz](https://www.vote.nz) o tumawag sa **0800 36 76 56** para pag-usapan ang iyong mga opsyon.

Pagboto mula sa ibang bansa



Kung nasa Aotearoa New Zealand ka kapag nagsimula na ang botohan sa Lunes, ika-26 ng Oktubre, mas madali na bumoto bago ka umalis.

Kung boboto ka mula sa ibang bansa, dapat ay naka-enroll ka na sa hatinggabi ng Linggo, ika-25 ng Oktubre (oras sa NZ). Maaari kang mag-enroll o mag-update ng iyong mga detalye sa [vote.nz](https://www.vote.nz)

Maaari kang bumoto mula sa ibang bansa mula Miyerkules, ika-21 ng Oktubre hanggang 7pm, Sabado, ika-7 ng Nobyembre (oras sa NZ).

Ang pinakamadali at pinakamabilis na paraan upang bumoto mula sa ibang bansa ay i-download at kumpletuhin ang iyong mga papel sa pagboto at pagkatapos ay i-upload ang mga ito sa [vote.nz](https://www.vote.nz)

Maaari ka ring makaboto nang personal sa isang lugar ng botohan sa ibang bansa. Available ang listahan ng mga lugar ng botohan sa ibang bansa sa [vote.nz](https://www.vote.nz)

Kung hindi angkop sa iyo ang mga opsyong ito, mangyaring mag-email sa overseas@vote.nz o tumawag sa **+64 9 909 4182** (maaaring may singil para sa internasyonal na tawag) para humingi ng tulong.

Kailangan ng tulong upang basahin o markahan ang iyong mga papeles sa pagboto?



Maaari kang matulungan ng isang kaibigan, miyembro ng whānau, o isang taong nagtatrabaho sa lugar ng botohan na basahin o markahan ang iyong papel sa pagboto. Ang taong iyon ay maaaring:

- pumunta sa likod ng screen ng pagboto kasama ka
- basahin ang mga salita at impormasyon sa papel sa pagboto
- markahan ang papel sa pagboto para sa iyo kung hihilingin mo sa kanila.

Hindi nila maaaring sabihin sa iyo kung sino ang dapat mong iboto.

Kung ikaw ay bulag, bahagyang bulag, o may pisikal na kapansanan na nangangahulugang hindi mo mamarkahan ang iyong papel sa pagboto nang walang tulong, maaari kang bumoto gamit ang serbisyo sa pagdidikta sa telepono.

Kailangan mong magparehistro upang magamit ang serbisyong ito. Maaari kang magparehistro simula **ika-5 ng Oktubre** sa pamamagitan ng pagtawag sa **0800 028 028** at piliin ang opsyon 1 upang magparehistro o sa pag-email sa dictation@vote.nz

Bisitahin ang [vote.nz](https://www.vote.nz) para alamin ang higit pa tungkol sa serbisyong ito.

